


**Abstract**

The PNP is out to stop public displays of affection as anti-COVID-19 measure. Newly reunited lovers Joy and July are apprehended by three corrupt policemen who have no idea who they are messing with.

**Keywords**

COVID-19, pandemic, police brutality, Philippine mythical creatures, revenge

**English title**

Joy and July

# SI JOY AT SI JULY

**MAR ANTHONY SIMON DELA CRUZ**

TINANGGAL NI JOY ang kaniyang face shield at face mask at sumipsip ng Coke sa tagaktak nang pawis na plastic cup. Napangiwi siya. Patunáw na ang mga tube ice at wala na ang sarap-hapding hagod sa lalamunan ng softdrinks. Pagkatapos ay dinukot niya ang hulugáng Revlon super lustrous lipstick at compact mirror sa kaniyang bag at saka nag-retouch. Espesyal ang sandaling ito kaya todo-paganda siya kahit may mga takip sa mukha. Inilabas din niya ang porgibs na pabangong Heiress by Paris Hilton. Iwinisik niya ito sa kaniyang leeg, batok, at dibdib, pero tinangay lang ito ng masangsang na hangin ng Manila Bay. Agad na isinuot ni Joy ang mga panakip ng mukha, sinigurong walang puwang na maaaring suutan ng virus, at saka winisikan ng alkohol ang mga palad, braso, at binti.

Nagkukulay-kahel na ang mga mukha ng mga nag-aabang sa Instagrammable na grand exit ng araw sa dako pa roon ng Manila Bay. Medyo maulap kaya hindi gaanong kita ang napipintong pamamahinga ng araw. Pero perfect pa rin namang pang-display picture ang tanawin.

Nagsilabasan ang mga cell phone. Crunch time sa Facebook at TikTok ang mga kabataan. Pak! Woooh! Aura! Gandah! Walang patid din ang paroo't parito ng mga nagbibisikleta at nagja-jogging. Ilan sa kanila ang wala pang suot na proteksiyon sa mukha. Napailing si Joy sa mga abaláng silhouette sa harapan niya. Iniisip niya kung sino-sino sa mga ito ang tatamaan at itutumba ng COVID-19.

Namamanhid na ang buto't kalamnan ng kanang pisngi ng puwet ni Joy sa pagkakaupo, kaya inilipat niya ang bigat ng kaniyang katawan sa kabila namang pisngi. Dumaing siya sa tigas ng sementadong upuan. Banas na binugaw niya ang mapintog na bangaw na dumapo sa kaniyang tuhod.

Muntik nang maputol ang leeg at tumalsik ang eyeballs ni Joy nang may biglang yumugyog ng kaniyang mga balikat mula sa likuran. Nilingon niya ang gumulat sa kaniya.

"Pakyu ka naman, July!"

Tinabihan ng lalaki ang babae. Mahinang mag-asawang sampal at suntok sa dibdib ang pinakawalan ni Joy kay July.

"Bebeko!"

Tinanggal ni July ang kaniyang itim na face mask at isinabit ito sa kanang tenga. Tinanggal din niya ang kay Joy. Napangisi siya nang makita ang mantsa ng lipstick at foundation sa surgical mask.

"Wow, talagang nagpaganda ang bebeko, a."

Intensity 8, magnitude 8 sa Richter scale ang kilig na yumanig sa katawan ni Joy. Nang mahimasmasan ay hinablot niya ang face mask at face shield at isinuot ito.

"Bhie, isuot mo 'yan. Baka mahúli ka."

Hinimas muna ni Joy ang makapal at itim na itim na bigote't balbas ni July bago isuot ng huli ang kaniyang face mask. Niyakap ni July si Joy. Umihip ang hanging amoy ulan with a whiff of burak.

Mag-iisang taon nang LDR sina Joy at July. Tulad ng maraming magjowa, nalayo sila sa isa't isa nang mag-lockdown dahil sa COVID-19. Natanggal sa trabaho si Joy bilang Xerox girl sa University Belt, pero nagpasiya siyang manatili sa inuupahang maliit na apartment sa Manila habang naghihintay ng trabaho. Nagsara naman ang pinapasukang restoran ni July. Nauna nang umuwi sa kani-kaniyang probinsiya ang dalawang kasama ni Joy sa apartment, at mukhang hindi na babalik ang mga ito, kaya niyaya niya si July na magsama na lang sila rito. Ang sabi naman ng lalaki, sumáma na lang muna si Joy sa kaniya sa Isabela. Pero

tumanggi si Joy dahil sa pag-aalaláng mahihirapan silang maghanap ng tirahan sakaling bumalik na sila sa lungsod. Mura lang kasi ang upa niya sa apartment kaya hindi niya ito mabitawan.

Pang-climax ng isang pelikulang Star Cinema ang batuhan ng linya ng magjowa. Nagsimula sa makabagbag-damdaming pamamaalam, nauwi sa ubusan ng pasensiya at punitan ng litid. Ang paliwanag ng lalaki, kung hindi sa virus, sa gutom sila mamamatay kapag nagsama sila sa apartment nang walang trabaho. Suspetsa ni Joy, atat na atat umuwi ang jowa dahil may kinakalantari itong merlat sa kanila. Hindi isa, kundi dalawa! Hindi alam ni July kung saang sulok ng malikot na imahinasyon ni Joy kinutkot ang akusasyong ito.

"'Wag ka ngang imbento. Kababasa mo 'yan ng *Precious*!"

"Magsama kayo ng mga babae mo!"

"Ang sabihin mo, sarili mo lang iniisip mo!"

"Chaka mo! Break na tayo!"

"Chaka mo rin times two! E, di break!"

Nagkaayos din naman ang magjowa kinagabihan. As usual, nadaan na naman sa umaatikabong bakbakan sa kama.

Isa si July sa mga locally stranded individual na itinambak sa Rizal Memorial Sports Complex. Ilang araw din siya roon. Nang makauwi sa Isabela, inilagak naman sila ng lokal na pamahalaan sa isang quarantine facility. Ilan sa mga kasamahan niyang pasahero ng bus ang nagpositibo sa COVID-19. Nang makauwi sa kanila, inabala niya ang sarili sa pagtatanim ng mga gulay sa kanilang likod-bahay. Lockdown at wala ring trabaho sa probinsiya. Nang lumuwag-luwag ang mga restriksiyon, tinulungan niya sa pagsasaka ang kaniyang ama. Madalas din siyang tumotoma nang patago kasama ang barkada. Nagpupunta rin siya sa gubat nang mag-isa. Gusto niya ang amoy ng mga ugat at lupa at dahon, at huni ng mga ibon at kuliglig. May kubo siya roon at doon siya nagpapalipas ng gabi paminsan-minsan.

Muntik namang mabaliw sa pag-iisa si Joy sa Maynila. Walang kakuwentuhan. Walang kaasaran. Walang kasiping. Wala siyang TV Plus at panload ng mobile data kaya napag-iiwanan na siya sa salpukang Marissa-Ellice sa *Ang sa Iyo ay Akin*. Para maipagpag ang kabagutan, nag-iikot-ikot siya kung minsan sa palengke ng Paco kahit wala namang bibilhin. Hinahanap-hanap niya ang pamilyar na lansa ng karne at sangsang ng tumapong patis o bagoong o ng katas ng basura sa kanal. Noong minsang hindi niya dala ang kaniyang quarantine pass, at

kamalas-malasang nasita ng mga tanod, ilang oras din siyang pinatayo sa gitna ng basketball court ng baranggay bilang parusa.

Kung may pagkakataon ay lihim na naglalamyerda rin sa gabi si Joy para maghanap ng masarap na pagkain. Nananawa na kasi siya sa mga pade-lata at pa-instant noodles ng sakalam (hindi naman!) nilang mayor. Gumagaan ang kaniyang pakiramdam kapag nagbababad siya sa sinag ng buwan.

Makalipas ang ilang buwan, sa wakas, natanggap sa trabaho si Joy bilang cashier sa Puregold. At nang pinahintulutan na ang paglabas-pasok sa mga bayan at probinsiya, nagpasiya si July na bumalik na sa Maynila at maghanap na rin ng mapagkakakitaan. Napagkasunduan nila ni Joy na magsasama sila sa apartment.

"Ba't ang tagal mo? Kanina pa ako binabangaw rito."

"Ambantot mo raw kasi."

"Wow, ha," inirapan ni Joy ang jowang mahilig mang-asar.

"Ay, apo, trapik na pala ulit dito. May pandemic ba?"

"Ewan ko ba. Papatayin nila tayong lahat."

"Yieeee! Lalong gumaganda'ng bebeko pag galit."

Natunaw na naman sa kilig si Joy. Sumandal siya kay July.

"Ano, sa'n tayo, bhie?"

"Dolomite?"

"Gagi, lalo ka lang masisiraan ng utak do'n."

"Shunga, joke lang. Dito na lang muna tayo, bebeko."

"Pagkatapos . . ."

Pasimpleng idinantay ni Joy ang mga palad sa hita ng jowa. Lumingon-lingon siya sa paligid at tiniyak na walang makakapansin. Hinimas niya ang matigas na hita ni July.

"E, di maglalakad-lakad," patay-malisyang sagot ni July.

"Tapos . . ."

"Uuwi na tayo sa apartment."

"'Yon lang?"

"E, ano ba'ng gusto mo?"

Walang kaabog-abog na pinisil ni Joy ang ari ni July. Gumanti si July. Pasimple niyang kinurot ang utong ni Joy. Wala silang kamalay-malay na nakita ng dalawang matanda sa di-kalayuan ang nangyaring pisilan at kurutan. Biglang nilapirot ng matandang lalaki ang utong ng matandang babae.

"Animal ka! Ansaket!" sabay sabunot ng matandang babae sa ubaning patilya ng kasama.

Sa Jollibee sa Harbor Square nagpasiyang magpunta ang magjowa. Inakbayan ni July si Joy habang naglalakad. Nag-alok si Joy na siya na lang ang magbuhat ng dalang Divisoria bag ng jowa. Puno ito ng gulay. Tumanggi si July. Ipinulupot ng babae ang mga kamay sa katawan ng jowa. Pabebe kung pabebe. Maya't maya silang naghahalikan, wholesome na smack-smack lang, kahit may nakaharang na face mask at face shield. Parang mga teenager na langong-lango sa pag-ibig, basically.

"Huy, bawal 'yan."

Maangas ang tindig ng tatlong pulis na nakabuntot sa magjowa. Walang takip sa mukha. Astang walang gagawing mabuti. Sila iyong binabagayan ng mga pangalang Dick, Max, at Romy. Nagmamalaki, samantalang ang kanilang tiyan lang naman ang malaki sa kanila.

"Ano po?" paglilinaw ni Joy.

"Bawal ang PDA," sabi ni Dick, na perfect na modelo ng entring "pulis patola" kung magkakaroon nito sa visual dictionary.

"'Sensiya na po, ser," sagot ni July.

"E, magkasama naman kami sa bahay," katwiran naman ni Joy.

"Sa presinto tayo. Pag sinabing bawal, bawal," sabi naman ni Max na ka-aura ng kanilang berdugong hepe.

"Presinto agad, ser? Baka p'wedeng warning lang muna, ser," pakiusap ni July.

"Ayan po, social distancing," dagdag ni Joy na lumayo nang isang metro sa jowa.

"Ay, hindot! Sasagot-sagot? Nililoko n'yo kami?" lumuwa ang sabog na mata at lumuwang ang butas ng ilong ni Romy.

Hinablot ng mga pulis sina Joy at July. Nagpumiglas ang dalawa. Tumapon ang mga laman ng bag ni Joy. Lalong nasabik na makipagbardagulan ang mga pulis. Nagsitalbugan ang mga tiyan.

"Lalaban kayo?"

"Lalaban daw!"

"Lalaban, o!"

Talsik-laway ang nag-uulol nang mga pulis.

Parang mga daga namang nagsilaho ang mga tao sa paligid. Takot silang madamay o masaksihan ang inaasahan na nilang mangyari.

Bubunot na sana ng baril si Dick nang maunahan siyang bayagan ni Joy. Tsug! Namilipit sa sakit ang pulis. Pakiramdam niya, umakyat sa kaniyang lalamunan ang mga kawawang bayag. Kinaldagan naman ni July sa dibdib si Max. Bog! Saka niya sinabunutan ang pinakaiingatang bigote

ni Romy at iwinasiwas ang pulis. Blagag! Bulagtang lahat sa semento ang mga pulis na nabigla sa ipinamalas na lakas ng magjowa. Kahit sina Joy at July ay nagulat sa ginawa ng isa't isa.

"Joy!"

"July!"

Hinatak ni July si Joy at saka sila tumakbo. Hiráp na bumangon ang mga pulis at paika-ikang sumakay sa kanilang police car para tugisin ang dalawa. Nang matiyak na nakalayo na ang mga pulis, isa-isang nagsilabasan ang mga saksi mula sa likod ng mga puno at halamanan, ng mga bangko at basurahan. Nagpalakpakan sila.

Bumuhos ang ulan. Tumindi ang traffic sa magkabilang kalsada ng Roxas Boulevard kaya hindi makausad ang sasakyan ng mga pulis. Hindi na sila nagtangkang tumakbo dahil aminado silang hindi kakayanin ng kanilang mga katawan ang bilis at liksi ng dalawa. Halos mamatay sila sa panggagalaiti. Sinapo-sapo ni Dick ang magang bayag na hilig ipahimod sa kaniyang mga putatsing. Kinapa-kapa naman ni Max ang mga buto sa dibdib na parang mga kuwerdas ng gitara. Wala sa tono. Si Romy, hinihimas-himas ang bigoteng pakiramdam niya ay sinisilaban sa sobrang hapdi. Kulang na lang ay magbarilan silang tatlo para mailabas ang poot sa magjowang lumampaso sa kanila.

"Daan muna tayo kina Girlie," yaya ni Dick.

"P're naman. 'Yang bayag mo, kakana pa rin?" sabi ni Max.

"Gago. Minsan na nga lang 'to."

"Inuman na lang tayo, p're. Birthday ni kupal."

"Daming pupunta?"

"Daming chicks. Tara. Nagrenta raw ng resort."

"Baka mapasamâ na naman tayo n'yan, ha."

"Di ka pa ba sanay?"

Humagalpak ng tawa sina Dick at Max. Humalakhak pa hanggang sa muling gumuhit ang kirot sa kanilang katawan. Tahimik lang si Romy habang sinisipat sa salamin ang bigoteng may bald spot na.

Hindi alam nina Joy at July na sumuko na ang mga pulis sa pagtugis sa kanila. Sige pa rin sila sa pagtakbo, pagtalon, pagdukwang, pag-slide, pagtingkayad, paglusong. Walang preno si July kahit na may sukbit na mabigat na backpack at tangan-tangang bag ng mga gulay. Si Joy, isinasayaw lang ang pag-iwas sa mga tao, sasakyan, aso't pusang kalye, at iba pang harang sa kanilang dinaraanan. Para silang mga batang naglalaro ng habulan sa ulan. Tinawid nila ang Roxas Boulevard,

dumiretso sa Ocampo, kumanan sa Mabini, sa BSP, dumaan pa sa tapat ng Malate Police Station, dumiretso sa bandang Manila Zoo, kumanan sa Quirino Avenue, kumaliwa sa Adriatico, kumanan sa San Andres, at huminto lang sandali para mag-take-out ng liempo sa Chooks-to-Go.

Tumila na ang ulan nang marating nila ang apartment na pagsasaluhan nila. Hindi pa man nailalapag ang mga dala-dala, dinilaan na ni Joy ang manamis-alat na pisngi ni July. Isinubo ni July nang buong-buo ang bunganga ni Joy. Ayaw patalo ng babae. Turbo mode ang kaniyang dila. Wala siyang pake kung amoy nilagang mais ang hininga ng jowa. Wala ring pake si July kung amoy ewan ang sa jowa. Tuloy ang laplapan kahit pa mabilaukan sila ng laway ng isa't isa.

Parang unboxing ng kararating na package ng Shopee kung hubaran ni Joy si July. Nagmamadali. Padaskol-daskol. Sabik nang makita ang matagal nang gustong makita. Tinulak niya si July sa kutson. Tumambad sa kaniya ang katawang hapo, ngunit buhay na buhay. Balbon si July, pero exagg ang pagkabalbon niya sa gabing ito. Sa malayo, malulusog na itim na higad ang kaniyang kilay. Nagmumura ang buhok ni July sa kilikili. Pagkakapal-kapal ng kaniyang balahibo sa braso, hita, binti, at dibdib. Sukdulan din ang kasukalan ng bulbol ng lalaki; pero hindi nito natabunan ang burat na maugat, baliko pakaliwa, at maitim (kulay ube).

Isang kibot, isang kembot lang ni Joy, nahubad na ang kaniyang mga suot. Umupo siya sa tiyan ni July at marahang sinabunutan ang mga kulot na buhok nito sa dibdib. Sinapo ni July ang hindi kalakihang suso ni Joy at saka kinurot-kurot ang mga utong. Hinawakan ni Joy sa kaniyang likuran ang burat ni July at kinapa-kapa ang mga ugat na iba-iba ang laki. Napatili si Joy nang bigla siyang ihiga at patungan ni July. Dinilaan ng lalaki ang pusod ni Joy at pababa sa mga peklat at stretch mark sa bandang puson at balakang nito. Pinaglaruan ng dila ni July ang tekstura ng mga marka sa balat. Humagikgik ang babae. Pababa na ang nguso ni July sa bulbol ni Joy nang matigilan ang babae.

"Shet. Natatae ako."

Agad na bumangon si Joy at nagtungo sa banyo. Natawa si July nang marinig ang pagsabog ng bomba atomika sa kubeta. Tagos hanggang sa labas ang alingasaw.

"Maligo ka na rin, pagkatapos. Ang baho mo!" sabi ni July.

Naka-brief na si July nang lumabas si Joy. Medyo dismayado ang babae. Isinuot niya ang kaniyang panty.

"Kain muna tayo. Pampalakas," sabi ni July.

Nakahain na sa pabilog na de-tiklop na mesa ang malamig nang kanin at liyempo. Hinalikan ni Joy sa pisngi ang jowa at umupo sa tabi nito.

"Lapit na pala'ng 16th monthsary natin, bhie."

"Oo nga, bebeko. Buti na lang at tayo pa rin. Kung alam mo lang ang hirap sa 'min. Magandang desisyon na nagpaiwan ka rito. Kung sumama ka, isang linggo kang magtitiis sa baha. Walang kuryente, walang tubig, walang signal."

"Kumusta pala sina Tatang at Inang mo?"

Sige sa paglantak ng pagkain ang magjowa.

"E, ayun, nag-aalala. Siyempre, nasira ang mga palay. E, pa'no ngayon babayaran ang utang? Si Inang, walang benta sa palengke. Si Manong, hindi rin naman maaasahan ngayon dahil natanggal din sa trabaho."

"Ayaw ba nilang bumalik na lang ng Samar?"

"Pareho lang din. Tsaka ayaw na ni Inang do'n. Mas okay na kami kina Tatang sa Isabela."

"At least, kahit pa'no, walang nadale sa inyo ng virus."

"Buti na lang talaga at hindi ka umuwi sa inyo. Kung nagkataon, nagka-COVID ka rin."

"Grabe, andaming tinamaan sa 'min. Ewan ko ba. Mas madali yata talagang mahawa ng virus ang lahi namin."

Kinuha ni Joy ang bote niya ng alkohol at saka winisikan ang mga palad, braso, at binti. Winisikan din niya si July.

"Labyu, bhie."

"Labyu din, bebeko."

Kumammit ng kanin at mamantikang piraso ng liyempo si July at akmang susubuan si Joy nang may tumadyak sa pinto.

Ang tatlong sugo ng banal na tae.

"Taas ang mga kamay! 'Wag kayong kikilos kung ayaw n'yong sumabog ang mga bungo n'yo."

Tatlong baril ang nakatutok kina Joy at July. Tatlong pares ng namumulang mata ang tutok na tutok sa nakabuyangyang na suso ni Joy.

Ibinato ni Romy sa magjowa ang wallet ni Joy na nahulog nang magkapisikalan sila malapit sa Harbor Square. Itinulak nina Max at Dick ang dalawa sa isang sulok. Hinalughog ni Romy ang apartment. Pinagtatapon niya ang mga damit ni Joy at pinagsisipa pa ang mga kagamitan. Itinumba niya ang mesa at nagkalat ang kanin at ulam sa sahig. Pinagtatapak din niya ang bag ng mga gulay. Namula si July na nag-iinit ang katawan sa galit.

"Umamin ka. Sa'n mo tinatago?" idiniin ni Max ang bunganga ng baril sa noo ni July.

"Ang alin?" tanong ni Joy na ibinaba ang mga kamay para takpan ang suso.

"Sabi nang itaas ang mga kamay, e!" itinutok ni Dick ang baril sa dibdib ng babae.

"Diyaraaaaan!"

Binuka ni Romy ang palad at tumambad ang tatlong pakete ng shabu. Nagkatinginan sina Joy at July. Ngising-tagumpay naman ang tatlong bundat na pulis.

"O, baka sabihin n'yo na naman, nagtanim na naman kami. Sobra na kayo, ha," nang-aasar na sabi ni Romy.

"Hindi akin 'yan," mariing tanggi ni July.

"Bumenta na 'yan, boy," sagot ni Max.

Ipinatong ni Romy ang mga pakete ng droga sa ibabaw ng kabinet. Inilabas niya ang cell phone at kinuhanan ang mga ito ng retrato.

Huminga nang malalim si July at saka buong lakas na itinulak si Max, at bago pa man makakilos si Dick ay nabayagan na naman siya ni Joy. Hindi makahinga ang dalawa sa tindi ng sakit. Sinugod ni July si Romy, ngunit binaril siya nito sa hita. Hindi ito ininda ng binata. Dinamba niya ang pulis, pinatungan, pinagsusuntok, at saka sinakal. Malalagutan na ng hininga si Romy nang kaldagin ni Max ng baril ang ulo ni July. Bumulagta ang lalaki.

Tumili at pumalahaw ng iyak si Joy para bulabugin ang mga kapitbahay at humingi ng tulong. Nag-ingay at nagwala siya na parang isang mabangis na hayop. Nagpatay ng ilaw at nagsara ng mga bintana ang mga kapitbahay. Takot silang madamay o masaksihan ang inaasahan na nilang mangyari.

"Patahimikin mo nga 'yan!" utos ni Romy kay Dick.

Pinilipit ni Dick ang kamay ni Joy. Nanlaban ang babae. Niyakap siya nang mahigpit ni Dick para supilin ang mabangis na katawan. Tumirik ang mata ng manyakis nang kumuskos sa kaniyang braso ang mga utong ni Joy. Nangilabot ang kaibuturan ni Joy. Naisuka niya ang kinaing liempo.

"Tangina ka, p're. Walang patawad," natatawang sabi ni Max.

"Uy, walang masakit na bayag sa matulis na pulis," sagot ni Dick.

Halakhakan ang tatlong alagad ng batas. Nagmamadaling binihisan nina Max at Romy ang duguan at wala pa ring ulirat na si July. Saka nila pinosasan ang lalaki.

"Nanlalaban ito, ha."

"Oo, nanlaban."

"Lumaban."

Inakay nila si July para dalhin sa kanilang sasakyan.

"Mamatay na kayong lahat! Mga hayop! Papatayin ko kayong lahat," paulit-ulit na sigaw ni Joy.

Natanto ng mga pulis na hindi nila mapapatahimik si Joy. Binuntal ni Dick sa sikmura si Joy. Nanigas ang mga kalamnan niya at bumigay ang kaniyang mga tuhod.

Nabasa ni Max ang balak ni Dick.

"Next time na lang 'yan, p're. May lalakarin pa tayo pagkatapos nito."

Banas na tinitigan ni Dick ang nakahandusay na si Joy. Ibinuka niya ang mga hita nito gamit ang kaniyang mga paa. Ipinikit niya ang isang mata at inasinta ng baril ang pukeng natatabingan ng panty. Nakalabas na ng pinto ang dalawang kasama na akay si July. Tinadyakan ni Dick sa tagiliran si Joy at sumunod kina Max at Romy. Nawalan ng malay ang babae.

"Babalikan kita," sabi ni Dick.

Showdown sa paningningan ang mga tala sa hatinggabi. Hindi siyempre patatalo ang buwan na pangmalakasan din ang liwanag na lumulukob sa katawan ng nakahandusay na si Joy. Ilang sandali pa, nagkamalay na ang babae. Agad siyang bumangon nang walang iniindang sakit sa katawan. Nagbihis siya at saka humangos sa labas. Halos mabura ang mukha niya nang tamaan ito ng liwanag ng buwan. Inamoy-amoy niya ang hangin. Lumingon siya sa kaliwa. Sa kanan. Tahimik ang kanilang baranggay dahil ipinatutupad na naman ang curfew.

Dinukot ni Joy ang face mask sa kaniyang bulsa at isinuot ito. Dali-dali siyang nagpunta sa isang madilim na sulok, sa kinaroroonan ng kinakalawang at mapanghing makeshift na pink urinal ng MMDA. Mariin siyang pumikit at binanat ang leeg, batok, balikat, at likod. Umungol. Minasahe niya ang kaniyang puson at balakang. Nagsiumbukan ang kaniyang mga ugat sa noo. Gumapang ang malapot niyang laway sa kaniyang dibdib. Tumubo ang mga pangil at matutulis na kuko. Sinundan ito ng itim na pakpak. Bog! Hindi maibuka ni Joy ang mga pakpak kaya lumabas siya sa urinal. Inunat niya ang mabalahibong pakpak. Kumampay-kampay ito at humiwalay ang itaas na bahagi ng kaniyang katawan sa kaniyang baywang. Sumirit ang dugo. Lumaylay ang kaniyang bituka at laman-loob. Sinunggaban niya ang ibabang bahagi ng kaniyang katawan at saka lumipad.

"'Tol, 'tol, manananggal!" sigaw ng lalaking nagsusunog ng atay sa kanilang bakuran.

"Sus, manananggal lang 'yan. Sa pulis ka matakot," sabi naman ng kaniyang katoma.

Sinundan ni Joy ang amoy ni July at ng mga dumukot sa jowa niya. Matalas ang kaniyang pang-amoy kahit na nakasuot ng face mask. Kabisado niya ang amoy ng anit, talukap ng mata, kuko sa paa, ng lahat ng kasulok-sulukan ng katawan ni July. Samantalang nasa mga buhok ng kaniyang ilong pa rin ang alingasaw ng pagkatao ng tatlong may espesyal nang lugar sa dagat-dagatang apoy. Kahit nakapikit ay matutunton niya ang kinaroroonan ng mga ito.

Nasagap din ng pang-amoy ni Joy ang pulbos sa leeg ng natutulog na sanggol sa isang magarang bahay, ang aroma ng sosyaling kape ng binatang nagmi-midnight snack sa kaniyang balkonahe, ang malagkit na pawis ng nagkakangkangang mag-asawang nakatira sa ilalim ng tulay, ang buntonghininga ng mamang nagpapahinga na sa kaniyang kariton, ang halimuyak ng dama de noche sa kanto, ang nilalangaw na dugo sa tambakan ng basura.

Binabaan ni Joy ang lipad para makasigurong nasa tamang direksiyon siya. Ik-ik-ik-ik! Nagkahulan at nag-aalulungan ang mga aso. May ilang nangahas na habulin siya. Tumalon ang isa at sinagpang ang kaliwang paa ni Joy.

"Potaka!"

Muntik na niyang mabitawan ang dala-dalang pang-ibabang katawan. Pinagsisipa niya ang aso, pero hindi ito bumitaw. Lalo pa nitong idiniin ang mga pangil sa bukong-bukong ni Joy. Nilakihan niya ang mga mata at nilabas ang matutulis na pangil. Bumuhaghag pa ang mabuhaghag nang buhok ni Joy. Wapakels ang aso. Gigil na kinuha ni Joy ang isa niyang tsinelas at pinagpapalo ang ulo ng aso. Nabitawan ni Joy ang ibabang bahagi ng kaniyang katawan. Kinaladkad ito ng aso.

"Shet ka!"

Hinabol niya ang hayop at pinektusan ito. Umuungot at paika-ikang tumakbo palayo ang aso.

"Uwi na!"

Sa isang mapuno at masukal na lugar sa labas ng Kamaynilaan dinala si Joy ng kaniyang pang-amoy. Nakita niyang nakaparada ang sasakyan ng pulis. Bukas ang headlight. May bahid ng dugo ang lupa at ilang bahagi ng sasakyan. Kinabahan si Joy. Hindi na niya gaanong maamoy si

July. Inilapag niya sa maalikabok na lupa ang ibabang bahagi ng kaniyang katawan. Nilapitan niya ang sasakyan.

Napaatras si Joy nang makita ang isang mabuhok na halimaw na ngumangatngat sa leeg ni Romy. Natigilan ito at hinarap si Joy. Nanlilisik ang mga mata ng nilalang. Mahahaba at matutulis ang pangil at kuko. Hindi maampat ang pagtulo ng laway. May sariling buhay ang mga buhok sa katawan. Malakat.

"July?"

Napanganga si Joy nang biglang humaba ang buhok ng malakat. Hindi na siya nakakilos nang sugurin siya nito at puluputan ng buhok ang kaniyang mga pakpak, kamay, leeg, at dibdib. Pahigpit nang pahigpit. Makakapal at mala-alambre ang buhok. Kumawag-kawag si Joy. Nang makawala sa pagkakapulupot ang isang kamay, tinanggal niya ang suot na face mask.

"July! Hulyo! Pakyu ka, ako lang 'to!"

Bahagyang lumuwag ang pulupot kay Joy. Inilapit ng malakat ang mukha niya sa mukha ng manananggal. Hinaplos at inamoy-amoy ito. Nakahinga nang maluwag si Joy nang pakawalan siya ng mga buhok. Nilingon ng mabuhok na nilalang ang nakayapak na ibabang bahagi ng katawan ni Joy. Niyakap ng malakat ang manananggal.

Pumitik-pitik ang patulis na mga tenga ni July. Suminghot-singhot naman si Joy. Agad na lumusob sa mas masukal na bahagi ng kakahuyan ang malakat. Sumunod sa kaniya ang manananggal na dala-dala ang kaniyang mga paa.

Takbo-gulong-bangon-dapa ang nahintatakutang sina Dick at Max sa kakahuyan. Nariyang mapatid sila ng mga nakausling bato, masabit sa matutulis na sanga, at matusok ng matitinik na halaman. Punit-punit na ang kanilang uniporme at sugat-sugat na ang kanilang katawan.

"Pucha, p're. Ano 'yon? Ano 'yon?" lawit na ang dilang bulalas ni Dick.

"Ayoko pang mamatay p're!" tili ni Max.

Dumausdos sa dalisdis si Max. Iniwan siya ni Dick na hindi na malaman kung ano ang gagawin.

Ik-ik-ik-ik!

Rawwwwr!

Dinaluhong ng malakat si Max na hindi na nagawang bumangon. Sigaw nang sigaw si Max. Pinagkakalmot ng halimaw ang pulis. Humaba ang buhok ng malakat at gumapang papasok ang mga ito sa ilong at tenga ni Max. Mala-kitikiting nagpumiglas ang pulis. Sunod na pinasok ng

buhok ang kaniyang mga mata. Lumuha siya ng dugo. Ilang hibla naman ang sumuot sa butas ng puwet at titi ni Max. Naging mas marahas ang pagkatal ng kaniyang katawan. Saglit lang at natodas na si Max. Sinakmal ng malakat ang matabang leeg ng pulis.

Wala nang maibombang adrenaline ang katawan ni Dick. Nilingon niya ang tumutugis na manananggal ngunit wala ito sa kaniyang likuran. Huminto si Dick para habulin ang kaniyang hinga at maipahinga ang pinupulikat nang mga paa. Nanindig ang kaniyang balahibo nang marinig ang mahinang pagaspas ng pakpak at ik-ik-ik ng manananggal. Palakas ito nang palakas. Nabulabog ang mga dahon at sanga ng mga puno. Kumaripas ulit ng takbo si Dick. Nanghilakbot siya nang masalubong ang ibabang bahagi ng katawan ng manananggal. Nanigas ang kaniyang mga kalamnan.

Sinunggaban ng manananggal si Dick mula sa likuran nito. Sa sobrang tigas ng kaniyang panga at lalamunan, hindi na nagawang sumigaw ng pulis. Inilipad siya ng manananggal sa ibabaw ng mga puno.

"Ano, 'kala ko, babalikan mo ako?"

Sa wakas ay naisambulat ni Dick ang palahaw mula sa kaniyang kaloob-looban. Nabulahaw ang mga nanahimik na kuwago. Nagsiliparan ang mga paniki. Tumili ang manananggal saka niluray-luray sa ere ang katawan ng pulis. Umulan ng dugo't laman-loob. Pinagmasdan ng manananggal ang tumitibok-tibok pang puso sa kaniyang palad. Maingat niyang tinanggal ang mga tabang nakabalot dito at saka ito nginasab. Nakapikit niyang ninamnam ang puso ng pulis. Natigilan siya. Naduwal. Itinapon niya sa malayo ang puso.

Naghahanda ng grand entrance ang araw. Lumipad si Joy papunta sa kinaroroonan ng kalahati ng kaniyang katawan. Naroon si July na katawang-tao na. Duguan at hubad. Pinagmasdan niya ang muling pagsasanib ng katawan ng jowa. Tumiklop ang mga pakpak ni Joy at naglaho ang mga ito sa paningin ni July. Umunat ang kaniyang buhaghag na buhok, naglaho ang mga pangil, at bumalik sa normal ang mga kuko.

Naganap ang transpormasyon ni Joy at matagal na nagtitigan ang magjowa. Nginisian at kinindatan ni July ang jowa. Niyanig ng kilig si Joy.